# Ang pagkolekta ng sariling sample ay isa nang opsyon para sa cervical screening.

*Protektahan ang iyong sarili laban sa cervical cancer.*

*Madali lang itong gawin!*




Cancer Council SA

**Kung ikaw ay 25 hanggang 74 taong gulang at sexually active, magpa-Cervical Screening Test tuwing limang taon.**

Ang pagkolekta ng sariling sample ay kasing-wasto rin ng sample na kinuha ng isang GP o nars.

Maaari kang kumuha ng sariling swab sa isang GP clinic na karaniwang sa likod ng isang privacy screen o sa loob ng banyo. Ang pagsusuri ay libre, madali at maaasahan.

Para sa impormasyon at suporta tumawag sa **Cancer Council sa 13 11 20**

Bisitahin ang **cancersa.org.au**

**Filipino**

Cancer Council SA

Kung ikaw ay nakatakda nang magpa-Cervical Screening Test, maaari ka na ngayong kumuha ng sarili mong vaginal sample gamit ang swab. Ang swab ay susuriin kung mayroong Human Papillomavirus (HPV). Ang pagkatuklas ng HPV ang iyong pinakamahusay na proteksyon laban sa cervical cancer.

**Tanungin ang iyong GP, nars o Aboriginal Health Worker tungkol sa pagkolekta ng sariling sample.**

## Paano gagawin ang pagsusuri sa apat na simpleng hakbang:

***Hakbang 1***



- Pihitin ang pulang cap at ilabas ang swab.
- Tingnan ang swab at tandaan ang pulang marka.

***Hakbang 2***




- Pumuwesto nang komportable.
- Ipasok ang swab sa iyong ari, at sikaping maipasok ito hanggang sa pulang marka.

***Hakbang 3***



- Marahang iikot ang swab nang isa hanggang tatlong beses.

***Hakbang 4***



- Alisin ang swab at ibalik ito sa tube.
- Ibalik ito sa iyong GP, nurse o health worker. Makipag-ugnay sa klinika sa loob ng dalawang linggo para malaman ang iyong mga resulta.